REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-237

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NA MAIBALIK O MAGKAROON MULI NG MARKER SA BULWAGAN NG GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NA NAGSASAAD NA ITO AY ITINAYO SA PANAHON NG PANUNUNGKULAN NG YUMAONG DATING PUNONG BAYAN FRANCISCO ALMA DE MESA AT NG MGA KAGAWAD AT ANG PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang palatandaan o marka ang magsisilbing alaala at pagkilala sa kanilang pagsisikap na magkaroon ng maayos at kaaya-ayang tanggapan ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa upang mapagsilbihang mabuti ang mga mamamayan nito at ang iba pang dumudulog dito;

SAPAGKAT, ang kontribusyon ng dating Punong Bayan Francisco Alma De Mesa tungo sa ikaaayos, ikatitiwasay at ikauunlad ng Bayan ng Muntinlupa ay hindi matatawaran at nararapat lamang na bigyan ng pagpapahalaga;

SAPAGKAT, ang paglilingkod ng buong katapatan at punong-puno ng dedikasyon sa kanyang sinumpaang tungkulin bilang pinaka-ama ng Bayan ng Muntinlupa ay tunay na kadaki-dakila na dapat maging huwaran ng sinumang lingkod-bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na nagsasaad na maibalik o magkaroon muli ng marker sa bulwagan ng gusali ng pamahalaang bayan na nagsasaad na ito ay itinayo sa panahon ng panunungkulan ng yumaong dating Punong Bayan Francisco alma De Mesa at ng mga Kagawad at ang paglalaan ng kaukulang pondo para dito.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 182nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Disyembre, 1991 sa Bulwagan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts